
Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

23 Pebrero 2025 | Ika-7 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

# Ang Hamong Magmahal Tulad ng Diyos



*Ang ika-7 Linggo sa Karaniwang Panahon ay may paksang PAGMAMAHAL na kapwa nanghahalina at naghahamon. Sa mundo nating tinatampukan ng kapusukan at karahasan, ang konsepto ng pagmamahal na tulad ng kay Kristo ay parang alangan at walang kakayahang makalutas sa mga problema tungkol sa katarungan, katatagan, at kaayusan. Waring lalong angkop ang ibang mga solusyon, bagamat sa dulo't katapusan, ang tunay na solusyon ay makikita lamang sa isang pagmamahal na tulad ng pagmamahal ng Diyos sa atin.*

*Ang gayong pagmamahal ay ang tanging paraan upang malampasan natin ang mga kasalukuyang kakulangan at kawalan ng katarungan at upang maitatag ang Kaharian ni Kristo. Ito ang "bagong kaayusang" tinatampukan ng pagkakaisa, pagkahabag, pagpapatawad, at pag-aalay ng sarili – na pawang saklaw ng katotohanan ng tinatawag nating PAGMAMAHAL.*

---

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**D'yos ko, ako'y nananalig sa matapat mong pag-ibig. Ang puso ko'y umaawit dahil ako'y 'yong sinagip, nililingap bawat saglit.**
***(Sal 13:5-6)***

### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid aminin natin ang ating mga kasalanan upang maging karapat-dapat sa banal na pagdiriwang. *(Manahimik sandali.)*

***P*** – Panginoong Hesus, itinuro mong mahalin namin ang aming mga kaaway, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, tinuruan mo kami ng kapayapaan at paglilingkod, Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoong Hesus, tinuruan mo kaming maging mahabaging tulad ng Diyos Ama, Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

### Papuri

***B*** – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

### Panalanging Pambungad

***P*–**Ama naming makapangyarihan, maisaloob nawa naming palagian ang mga galing sa Espiritu ng kabanalan upang sa salita at gawa ay aming magampanan ang lahat ng iyong mga kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***1 Sam 26:2.7-9. 12-13.22-23***

*Noong matandang panahon, ang pagpapatawad sa pagkakasala ay 'di karaniwan. Ang magandang halimbawa ng kagandahang-loob ni David sa kanyang kaaway na si Saul ay di lamang magandang taliwas, kundi nagpapahiya sa mga Kristiyanong waring 'di marunong magpatawad.*

***L*–**Pagbasa mula sa Unang Aklat ni Samuel

**Noong mga araw na iyon, lumakad si Saul, kasama ang tatlung-libong piling kawal na Israelita, upang hulihin si David.**

**Kinagabihan, lihim na pinasok nina David at Abisai ang kampo ni Saul. Dinatnan nila itong tulog na tulog at napaliligiran ni Abner at ng buong hukbo. Ang sibat nito ay nakatarak sa gawing ulunan. Sinabi ni Abisai kay David, "Niloob ng Diyos na mahulog ngayon sa mga kamay mo ang iyong kaaway. Kung ibig mo, tatarakan ko na siya ng sibat. Kapag nasaksak kong minsan iyan, hindi na kakailanganing ulitin." Ngunit sinabi ni David, "Huwag mong gagawin iyan. Malaking kasalanan ang magbuhat ng kamay sa hinirang ng Panginoon." Kinuha nga ni David ang sibat sa ulunan ni Saul at ang lalagyan ng inumin nito, at sila'y umalis. Isa man kina Saul ay walang nagising pagkat pinahimbing sila ng Panginoon. Dumating at umalis sina David nang walang nakaalam.**

**Pagdating ni David sa kabilang gulod, tumayo siya sa isang mataas na lugar. Sinabi ni David, "Narito ang inyong sibat, mahal na hari. Ipakuha ninyo rito sa isa ninyong tauhan. Ang taong tapat at matuwid ay gagantimpalaan ng Panginoon. Sa araw na ito'y niloob niyang mahulog kayo sa aking mga kamay ngunit hindi ko maaaring pagbuhatan ng kamay ang hinirang ng Panginoon."**

Ang Salita ng Diyos!
***B*–Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** ***Awit 103***

***B*– *Ang ating mahabaging D'yos ay nagmamagandang-loob!***

*R. M. Velez*




* **Panginoo'y papurihan, purihin mo, kaluluwa, ang pangalan niyang banal purihin mo sa tuwina. Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihan, at huwag mong lilimutin yaong kanyang kabutihan. *B.***

* **Ang lahat kong kasalana'y siya ang nagpapatawad, at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat. Sa bingit ng kamatayan ako ay inililigtas, at pinagpapala ako sa pag-ibig niya't habag. *B.***

* **Kay ganda ng kalooban, mahabagin itong Diyos, kung magalit ay banayad, kung umibig nama'y lubos. Kung siya ay magparusa, di katumbas ng pagsuway; di na tayo sinisingil sa nagawang kasalanan. *B.***

* **Ang silangan at kanluran kung gaano ang distansiya, gayung-gayon ang pagtingin sa sinumang nagkasala. Kung paano nahahabag ang ama sa anak niya, gayon siya nahahabag sa may takot sa kanya. *B.***

**Ikalawang Pagbasa** ***1 Cor 15: 45-49***

*Bilang mga disipulo ni Hesus, inaasahan tayong mamuhay alinsunod sa Kanyang mga pangaral at halimbawa. Kabilang dito ang pagmamahal maging sa mahirap mahalin, sa pagsisikap na mapaglabanan natin ang tuksong maghiganti.*

***L*–**Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Corinto

**Mga kapatid, ganito ang sinasabi sa Kasulatan: "Ang unang tao, si Adan, ay nilikhang binigyan ng buhay"; ang huling Adan ay Espiritung nagbibigay-buhay. Ngunit hindi nauna ang panlangit; ang panlupa muna bago ang panlangit. Ang unang Adan ay mula sa lupa, sapagkat nilikha sa alabok; mula sa langit ang pangalawang Adan.**

**Ang mga katawang panlupa ay tulad ng nagmula sa lupa; ang mga katawang panlangit ay tulad ng nagmula sa langit.**

**Kung paanong tayo'y katulad ng taong nagmula sa lupa, darating ang araw na matutulad din tayo sa nanggaling sa langit.**

Ang Salita ng Diyos!
***B*– Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** ***Jn 13:34***

***B*–Aleluya! Aleluya!**
**Bagong utos, ani Kristo,**
**mag-ibigan sana kayo**
**katulad ng pag-ibig ko.**
**Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 6:27-38***

*Magpatuloy tayo sa pag-basa ng "Sermon ni Hesus sa Kapatagan." Ipinahahayag ni Hesus bilang pagpapasinaya sa kanyang mga panayam ang sukdulan ng kanyang pangangaral: pagmamahal sa kapwa nang walang hangganan at walang kundisyon.*

***P*–** Sumainyo ang Panginoon!
***B*–At sumaiyo rin!**
***P*–**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
***B*– Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Sinasabi ko sa inyo, mga nakikinig: Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang mga napopoot sa inyo, pagpalain ninyo ang mga sumusumpa sa inyo, idalangin ninyo ang mga umaapi sa inyo. Kapag sinampal ka sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Kapag inaagaw ang iyong balabal, ibigay mo pati ang iyong baro. Bigyan mo ang bawat nanghihingi sa iyo; at kung may kumuha sa iyong ari-arian ay huwag mo nang**

**bawiin pa ang mga iyon. Gawin ninyo sa iba ang ibig ninyong gawin nila sa inyo.**

**Kung ang iibigin lamang ninyo ay ang mga umiibig sa inyo, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Kahit ang mga makasalanan ay umiibig din sa mga umiibig sa kanila. At kung ang gagawan lamang ninyo ng mabuti ay ang gumagawa sa inyo ng mabuti, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Kahit ang mga makasalanan ay gumagawa rin nito! Kung ang pahihiramin lamang ninyo ay ang mga taong inaasahan ninyong makababayad sa inyo, ano pang gantimpala ang inyong hihintayin? Kahit ang mga makasalanan ay nagpapahiram din sa mga makasalanan sa pag-asang ang mga ito'y makababayad!**

**Sa halip, ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at gawan ninyo sila ng mabuti. Magpahiram kayo, na hindi umaasa sa anumang kabayaran. Sa gayon, malaking gantimpala ang tatamuhin ninyo, at kayo'y magiging mga anak ng Kataastaasan. Sapagkat siya'y mabuti sa masasama at sa mga hindi marunong tumanaw ng utang na loob. Maging mahabagin kayo gaya ng inyong Ama.**

**Huwag kayong humatol, at hindi kayo hahatulan ng Diyos. Huwag kayong magparusa at hindi kayo parurusahan ng Diyos. Magpatawad kayo sa inyong kapwa, at patatawarin kayo ng Diyos. Magbigay kayo, at bibigyan kayo ng Diyos: hustong takal, siksik, liglig, at umaapaw pa ang ibibigay sa inyo. Sapagkat ang takalang ginagamit ninyo sa iba ay siya ring gagamitin ng Diyos sa inyo."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*** **– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

### Homiliya

### Sumasampalataya

***B*** – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

### Panalangin ng Bayan

***P*** – Bilang pagtugon sa mensahe ng Salita ng Diyos, hilingin natin ang tulong ng Panginoon upang tayo'y magmahal na tulad ng Kanyang itinuro sa atin.

***B*** **– Panginoon, turuan Mo kaming magmahal na tulad Mo!**

* Para sa Santo Papa at iba pang mga pinunong espirituwal: Tuwina nawa nilang ipahayag ang mahigpit na hinihingi ng pagmamahal at pagpapatawad, at manguna sa pagsasabuhay nito. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng Kristiyanong tinatawagang magtaguyod ng kabihasnan ng buhay at pagmamahal: Magpunyagi nawa silang magpahalaga sa buhay, igalang, at itaguyod ito nang buong ingat sa kanilang sarili at sa kanilang kapwa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng mga biktima ng karahasan at kawalan ng katarungan: Makahango nawa sila –sa halimbawa ni Kristo at sa kapangyarihan ng biyaya ng Diyos – ng lakas para magpatawad sa mga nang-aapi sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng magulang at mga nagtuturo: Pagtibayin nawa ng kanilang kahandaang magpatawad ang ipinangangaral nilang pagmamahal maging sa mga nagkasala sa kanila. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng Pilipinong nagsisikap alang-alang sa ikabubuti ng bayan: Matuto nawa silang tumanggi sa kasamaan at magpahalaga sa katapatan at pagmamahal sa kapwa. Manalangin tayo! ***B.***

* Upang ang pamayanang Kristiyano ay matutong tumanggap at umunawa sa mga naisin at pag-aalinlangan ng mga Kabataang nakakaramdam ng panawagang makisama sa misyon ng Panginoong Hesukristo sa pagpapari o pagiging relihiyoso, manalangin tayo! ***B.***

***P*** – Panginoon ng habag at pagpapatawad, tibayan nawa ng Iyong pagpapala ang aming puso upang mapatunayan namin sa aming pang-araw-araw na buhay ang pagmamahal na ipinahahayag namin sa Eukaristiyang ito. Isinasamo namin ito sa pamamagitan ni Hesukristong Iyong Anak na nagmamahal at naghahari nang walang hanggan.

***B*** **– Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*** – Manalangin kayo. . .

***B*** **– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** – Ama naming Lumikha, sa pagganap namin ng banal na pagdiriwang upang ikaw ngayo'y aming paglingkuran, hinihiling naming nawa'y mapakinabangan ang aming inihahain sa iyong karangalan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

### Prepasyo III

***P*** – Sumainyo ang Panginoon!

***B*** **– At sumaiyo rin!**

***P*** – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B*** **– Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B*** **– Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na

ikaw ay aming pasalamatan.

Sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya't ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkaligaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*** **– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

### Pagbubunyi

***B*** **–Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*** **– Ama namin . . .**

***P*** – Hinihiling namin . . .

***B*** **– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailan man! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*** **– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*** – Ito si Hesus na nag-aanyaya sa ating ibigin kahit na ang ating mga kaaway. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*** **– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**D'yos ko, aking isasaysay ang iyong ginawang tanan na kahanga-hangang tunay. Ang ngalan mo'y aawitan, Poong kataas-taasan.**

*(Sal 39:1-2)*

### Panalangin Pagkapakinabang

***P*** – Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong aming mapakinabangan ang dulot na kaligtasan ng aming pinagsaluhan bilang sangla ng iyong tiyak na pagsagip sa tanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **–At sumaiyo rin!**

***P*** –Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

***B*** **–Amen!**

***P*** –Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin ang inyong kapwa tulad ng ginawa ni Hesus.

***B*** **–Salamat sa Diyos!**

---

# Impossible Dream Baga?

*Kalakbay at Katoto*

**Parang *impossible dream* ang lahat ng narinig natin sa mga pagbasa**. Parang may mali. Parang hindi madaling lunukin. Kaligayahan na galing sa kahirapan, gutom, luksa at sa pang-uusig ng madla?

Magandang bigkasin. Madulas sa dila ang madaling sabihin na mahalin ang kapwa. Pero kelan ang huling pagkakataong nagalak ka dahil siniraan ka ng Marites mong kapit-bahay? Kelan ka nagsaya dahil ikaw ay pinagbintangan at inakusahan? Sinong ina ang natuwa at pinatay ang kanyang anak dahil lamang pinagbintangang isang tagatulak ng droga? Sinong magulang ang magsasaya dahil inararo ang kanyang anak na *rider* na nagtatrabaho nang marangal dahil sa isang trak na "nawalan daw ng preno?"

Imposible, di ba? **At mananatili itong imposible hangga't mali ang pang unawa natin sa kautusan ng Diyos na magmahal sa kapwa.**

**Pero ayon sa Kasulatan ang pagmamahal ay hindi nakasalalay sa KILIG, at sa mababaw na damdamin**. Hindi ito simpatia. Hindi ito *vibes* lamang o emosyon lamang.

Sa unang pagbasa, hindi natanggap ni David si Saul sapagka't maganda ang *vibes* ni Saul kundi dahil sa katotohanang hinirang ng Diyos si Saul.

---

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

Sa ikalawang pagbasa, turo ni Pablo na si Adan ay mula sa lupa at si Kristo ay mula sa itaas. At dahil sa muling pagkabuhay ni Kristo, tayong kanyang mga tagasunod ay nabubuhay sa ibang antas ng pamumuhay.

**Ang antas na ito ay hindi batay sa kultura, sa daloy ng dugo, o sa damdamin lamang. Ang pag-ibig kung ganoon ay hindi lamang damdamin o simbuyo ng puso. Ito ay isang pagpapasya**. At ito ay nangangahulugang pagpapasyang gantihan ang kasamaan ng pawang kabutihan.

**Mahirap ito. Imposible ika nga**. Pero ang imposible ay nagiging posible dahil sa muling pagkabuhay ni Kristo at dahil sa kapangyarihang kaakibat ng kaniyang muling pagkabuhay. Dahil lamang dito natin makakayang magpatawad sa mga sumisira sa ating kinabukasan. Tanging si Hesus. Walang iba kundi si Hesus, at dahil lamang kay Hesus tayo umaasa maging sa mga bagay na tila imposible. **Dahil sa kanya puede natin laging kantahin ang *IMPOSSIBLE DREAM.* Siya lamang ang dahilan upang mapalitan natin ang *IMPOSSIBLE* to** *POSSIBLE!*

